**PARA SA LAYUNING PANG-IMPORMASYON LAMANG ANG *FORM* NA ITO.**
**HUWAG KUMPLETUHIN ANG SUMUSUNOD NA MGA PAHINA. HINDI ITO APLIKASYON.**

# Aplikasyon para sa Social Security Card

## Libreng mag-apply para sa Social Security Card!

**GAMITIN ANG APLIKASYONG ITO PARA:**

- Mag-apply para sa orihinal na Social Security card
- Mag-apply ng kapalit na Social Security card
- Magbago o magtama ng impormasyon sa iyong rekord ng Social Security number

**MAHALAGA:** DAPAT kang magbigay ng maayos na nakumpletong aplikasyon at kinakailangang ebidensiya bago namin maproseso ang aplikasyon mo. Orihinal na mga dokumento o sertipikado ng tagapag-ingat ng orihinal na rekord lamang ang puwede naming tanggapin. Hindi tinatanggap ang notaryadong mga kopya o *photocopy* na hindi sertipikado ng tagapag-ingat ng rekord. Ibabalik namin sa iyo ang anumang dokumentong ipinadala kasama ng aplikasyon mo. Para sa tulong, tawagan kami sa 1-800-772-1213 o bisitahin ang website namin na **www.socialsecurity.gov** (available lang sa wikang Ingles).

### Orihinal na Social Security Card

Para mag-apply ng orihinal na card, dapat na magpakita ka ng hindi bababa sa 2 dokumento na nagpapatunay ng iyong edad, *identity* (identidad o pagkakakilanlan), at pagkamamamayan ng U.S. (Estados Unidos) o kasalukuyang legal na awtorisasyon sa pagtatrabaho mula sa imigrasyon. Kung hindi ka mamamayan ng U.S. at walang awtorisasyon ng DHS (Department of Homeland Security o Kagawaran ng Pambansang Seguridad) para magtrabaho, dapat mong patunayan na mayroon kang balidong dahilan, maliban sa trabaho, sa paghiling ng card. Basahin ang pahina 2 para sa paliwanag tungkol sa mga tinatanggap na dokumento.

TANDAAN: Kung 12 anyos ka o mas matanda at hindi kailanman nakatanggap ng Social Security number, dapat kang mag-apply nang personal.

### Kapalit na Social Security Card

Para mag-apply ng kapalit na card, dapat kang magpakita ng isang dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan mo. Kung hindi ka ipinanganak sa U.S., dapat ka ring magpakita ng mga dokumento na nagpapatunay ng pagkamamamayan mo sa U.S. o kasalukuyang legal na awtorisasyon sa pagtatrabaho. Basahin ang pahina 2 para sa paliwanag tungkol sa mga tinatanggap na dokumento.

### Pagbabago ng Impormasyon sa Iyong Rekord sa Social Security

Para baguhin ang impormasyon sa iyong rekord ng Social Security number (halimbawa, pagbabago ng pangalan o pagkamamamayan, o para itama ang petsa ng kapanganakan), dapat kang magpakita ng mga dokumentong nagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan, sumusuporta sa hiniling na pagbabago, at nagpapaliwanag ng dahilan ng pagbabago. Halimbawa, maaari kang magpakita ng *birth certificate* (sertipiko ng kapanganakan) para ipakita ang tamang petsa ng iyong kapanganakan. Ang dokumentong sumusuporta sa pagbabago ng pangalan ay dapat na bago at nagpapakita ang iyong dati at bagong pangalan. Kung nagbago ka ng pangalan nang higit sa 2 taon na ang nakalipas, o kung walang sapat na impormasyon ang dokumento para patunayan ang pagkakakilanlan mo, dapat ka ring magpakita ng mga dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan mo bago binago ang pangalan mo at/o sa ilang kaso, ang iyong bagong legal na pangalan. Kung hindi ka ipinanganak sa U.S., dapat kang magpakita ng dokumento na nagpapatunay ng pagkamamamayan mo sa U.S. o kasalukuyang legal na awtorisasyon sa pagtatrabaho. Basahin ang pahina 2 para sa paliwanag tungkol sa mga tinatanggap na dokumento.

### MGA LIMITASYON SA PAGPAPALIT NG MGA SOCIAL SECURITY CARD

Nagpapataw ng mga limitasyon ang Public Law (Pampublikong Batas) 108-458 sa bilang ng kapalit na Social Security card na puwede mong matanggap - 3 kada taon ng kalendaryo at 10 sa buong buhay mo. Hindi kabilang sa mga limitasyong ito ang pagbibigay ng bagong card para sa pagbabago ng iyong legal na pangalan o mga pagbabago sa awtorisasyon mo na magtrabaho. Maaari din kaming magbigay ng *exception* sa limitasyong ito kung magbibigay ka ng ebidensiya mula sa *official source* (opisyal na institusyon) na kailangan mo ng Social Security card.

HUWAG KUMPLETUHIN. HINDI ITO APLIKASYON

## KUNG MAYROON KANG ANUMANG MGA KATANUNGAN

Kung may mga tanong ka tungkol sa form na ito o tungkol sa mga dokumento na dapat mong ipakita bilang ebidensiya, bisitahin ang aming website na www.socialsecurity.gov (available lang sa wikang Ingles) para sa karagdagang impormasyon pati na ang lokasyon ng mga opisina namin at Social Security *Card Centers* (Mga Sentro ng Tarheta). Puwede ka ring tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213. Puwede mo ring mahanap ang pinakamalapit na opisina o Card Center sa iyong lokal na *phone book* (direktoryo ng telepono).

## MGA DOKUMENTO BILANG EBIDENSIYA

Ang sumusunod na mga listahan ay mga halimbawa ng mga uri ng dokumento na dapat mong ibigay kasama ng aplikasyon mo at hindi sumasaklaw sa lahat ng sitwasyon. Tumawag sa amin sa 1-800-772-1213 kung hindi mo maibibigay ang mga dokumentong ito.

**MAHALAGA**: Kung kinukumpleto mo ang aplikasyong ito para sa ibang tao, dapat kang magbigay ng ebidensiyang nagpapakita ng awtoridad mong pumirma sa aplikasyon pati na rin ang mga dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan mo at ng taong pinupunan mo ng aplikasyon. Orihinal na mga dokumento o *certified* (sertipikado) ng tagapag-ingat ng orihinal na rekord lamang ang puwede naming tanggapin. Hindi tinatanggap ang notaryadong mga kopya o *photocopy* na hindi sertipikado ng tagapag-ingat ng rekord.

### Ebidensiya ng Edad

Karaniwan, dapat kang magpakita ng iyong *birth certificate* (sertipiko ng kapanganakan). Sa ilang sitwasyon, puwede naming tanggapin ang ibang dokumento na nagpapakita ng edad mo. Ang ilan sa iba pang mga dokumentong puwede naming tanggapin ay:

- Rekord ng ospital sa U.S. ng iyong kapanganakan (na ginawa sa panahon nang kapanganakan)
- Rekord ng relihiyon na ginawa bago ka naging 5 taong gulang na nagpapakita ng iyong edad o petsa ng kapanganakan
- Pasaporte
- Pinal na Dekreto sa Pag-aampon (dapat ipakita ng dekreto sa pag-aampon na ang impormasyon ng kapanganakan ay kinuha mula sa orihinal na sertipiko ng kapanganakan)

### Ebidensiya ng Identidad o Pagkakakilanlan

Dapat kang magpakitang iyong kasalukuyan at hindi *expired* na ebidensiya ng pagkakakilanlan na nasa legal na pangalan mo. Ipapakita sa Social Security card ang iyong legal na pangalan. Karaniwan ay mas gusto naming makita ang mga dokumentong ginawa o na-isyu sa U.S. Ang mga dokumento na isinumite mo para matiyak ang pagkakakilanlan mo ay dapat nagpapakita ng legal na pangalan mo AT nagbibigay ng *biographical* na impormasyon tungkol sa iyo (petsa ng kapanganakan, edad, o pangalan ng mga magulang) **at/o** pisikal na impormasyon (litrato, o pisikal na deskripsyon - taas, kulay ng mata at buhok, atbp.). Kung magpapadala ka ng dokumento ng pagkakakilanlan na may litrato pero hindi ka pumunta nang personal, dapat na makita sa dokumento ang biographical na impormasyon tungkol sa iyo (halimbawa, petsa ng kapanganakan, edad, pangalan ng mga magulang). Karaniwan, ang mga dokumentong walang petsa ng *expiration* ay dapat na-isyu sa loob ng nakaraang 2 taon para sa mga adulto at sa loob ng nakaraang 4 na taon para sa mga bata. Bilang katibayan ng iyong pagkakakilanlan, dapat kang magbigay ng:

Bilang katibayan ng iyong pagkakakilanlan, dapat kang magbigay ng:

- *Driver's License* (Lisensiya sa pagmamaneho) sa U.S.; o
- *Non-driver ID* (Card ng pagkakakilanlan na ibinigay ng isang *State* ng U.S. na hindi para sa pagmamaneho); o
- Pasaporte ng U.S.

Kung wala ka ng anuman sa mga nabanggit na dokumento o hindi ka makakuha ng kapalit sa loob ng 10 araw ng trabaho, maaari kaming tumanggap ng ibang mga dokumento na nagpapakita ng iyong legal na pangalan at impormasyon tungkol sa iyo, gaya ng ID card ng militar ng U.S., *Certificate of Naturalization*, ID sa trabaho, sertipikadong kopya ng medikal na rekord (klinika, doktor o ospital), card sa *insurance* sa kalusugan, Medicaid card, o ID card/rekord sa eskwelahan. Para sa mga bata, maaari naming tanggapin ang medikal na mga rekord (klinika, doktor, o ospital) na iniingatan ng *medical provider*. Maaari din naming tanggapin ang pinal na dekreto sa pag-aampon, o ID card sa eskwelahan, o iba pang rekord sa eskwelahan na iniingatan ng eskwelahan.

Kung hindi ka mamamayan ng U.S., dapat naming makita ang kasalukuyan mong (mga) dokumento ng imigrasyon sa U.S. at ang pasaporte mula sa bansa mo na may impormasyon tungkol sa iyo o larawan.

HINDI NAMIN PUWEDENG TANGGAPIN ANG BIRTH CERTIFICATE, *SOUVENIR* NA BIRTH CERTIFICATE NG OSPITAL, SOCIAL SECURITY CARD *STUB* O REKORD NG SOCIAL SECURITY bilang katibayan ng pagkakakilanlan.

**HUWAG KUMPLETUHIN. HINDI ITO APLIKASYON**

**Ebidensiya ng Pagkamamamayan ng U.S.**

Karaniwan, dapat kang magpakita ng iyong birth certificate sa U.S. o pasaporte ng U.S. Ang iba pang dokumentong maaari mong ipakita ay Consular na Report ng Kapanganakan, *Certificate of Citizenship* (Sertipiko ng Pagkamamamayan), o *Certificate of Naturalization* (Sertipiko ng Naturalisasyon).

**Ebidensiya ng Status sa Imigrasyon**

Dapat kang magpakita ng kasalukuyan at hindi expired na dokumento na ibinigay sa iyo ng Department of Homeland Security (DHS o Kagawaran ng Pambansang Seguridad) na nagpapakita ng status ng iyong imigrasyon, gaya ng Form I-551, I-94, o I-766. Kung isa kang *international student* o *exchange visitor*, maaaring kailanganin mong magbigay ng karagdagang mga dokumento, gaya ng Form I-20, DS-2019, o sulat ng awtorisasyon sa pagtatrabaho mula sa eswelahan mo at ng iyong *employer* (F-1) o *sponsor* (J-1). HINDI namin puwedeng tanggapin ang resibo na nagpapakitang nag-apply ka para sa dokumento. Kung hindi ka awtorisadong magtrabaho sa U.S., puwede ka lang naming bigyan ng Social Security card kung kailangan mo ng number para sa makatuwirang dahilan na hindi dahil sa trabaho. Mamarkahan ang card mo para ipakita na hindi ka puwedeng magtrabaho at kung magtatrabaho ka, sasabihin namin ito sa DHS. Basahin ang pahina 3, item 5 para sa karagdagang impormasyon.

## KUNG PAANO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYONG ITO

**Kumpletuhin at pirmahan ang aplikasyong ito nang MALINAW gamit LANG ang itim o asul na tinta sa naka-attach o naka-download na form gamit lang ang 8 ½” x 11” (o A4 8.25” x 11.7”) na papel.**

**PANGKALAHATANG TAGUBILIN:** Ang mga item sa form ay madaling intindihin o tinatalakay sa ibaba. Katugma ng mga numero ang mga item sa form. Kung kinukumpleto mo ang form na ito para sa iba, pakikumpleto ang mga item sa kung paano naaangkop ang ma ito sa taong iyon.

4. Ilagay ang buwan, araw, at buong (4 na digit) taon ng kapanganakan; halimbawa, "1998" para sa taon ng kapanganakan.

5. Kung nilagyan mo ng check ang “Legal Alien Not Allowed to Work” (Legal na Dayuhan na Hindi Pinapayagang Magtrabaho) o “Other” (Iba Pa), dapat kang magbigay ng dokumento mula sa U.S. Federal, State, o lokal na gobyerno na nagpapaliwanag kung bakit mo kailangan ng Social Security number at natugunan mo ang lahat ng kahilingan para sa benepisyo ng gobyerno. TANDAAN: Hindi kahilingan sa karamihan ng ahensiya na may Social Security number ka. Kontakin kami para makita kung kwalipikado ang dahilan mo para magkaroon ng Social Security number.

6., 7. Ang pagbibigay ng impormasyon tungkol sa lahi ay kusang-loob at hindi makakaapekto sa desisyon sa aplikasyon mo. Hinihiling namin ang impormasyong ito para sa pagsasaliksik at estadistika, para matiyak na lahat ng *customer* namin ay makakatanggap ng patas at pantay-pantay na pagtrato.

9.B., 10.B. Kung nag-a-apply ka para sa orihinal na Social Security card para sa batang wala pang 18 anyos, DAPAT mong ilagay ang Social Security number ng mga magulang maliban kung hindi nabigyan ng Social Security number ang magulang. Kung hindi mo alam ang number at hindi mo ito makuha, i-check ang kahong "unknown."

13. Kung iba ang petsa ng kapanganakan na inilagay mo sa item 4 sa petsa ng kapanganakan na nasa rekord ng Social Security, ilagay ang petsa ng kapanganakan na nakalagay sa iyong kasalukuyang rekord sa item 13 at magbigay ng katibayan na sumusuporta sa petsa ng kapanganan na nakalagay sa item 4.

16. Maglagay ng address kung saan mo puwedeng tanggapin ang card 7 hanggang 14 na araw mula ngayon.

17. SINO ANG PUWEDENG PUMIRMA SA APLIKASYON? Kung 18 anyos ka o higit pa at may pisikal at mental na kakayahang magbasa at magkumpleto ng aplikasyon, dapat mong pirmahan ang item 17. Kung wala ka pang 18 anyos, puwede mong pirmahan ito, o puwede itong pirmahan ng magulang o legal na tagapag-alaga para sa iyo. Kung lampas ka na sa 18 anyos at hindi mo mapirmahan mag-isa ang aplikasyon, karaniwan ay puwede itong pirmahan para sa iyo ng legal na tagapag-alaga, magulang, o malapit na kamag-anak. Kung hindi mo maipirma ang pangalan mo, dapat mong ilagay ang "X" at papirmahan sa dalawang tao bilang saksi ang espasyo na katabi nito. Huwag baguhin ang pirma mo sa pamamagitan ng paglalagay ng karagdagang impormasyon sa linya ng pirma dahil maaaring mawalan ng bisa ang aplikasyon mo. Tawagan kami kung may mga tanong ka tungkol sa kung sino ang maaaring pumirma sa aplikasyon mo.

**KUNG PAANO ISUSUMITE ANG APLIKASYONG ITO**

Kadalasan, puwede mong dalhin o ipadala sa sulat ang pinirmahang mga dokumento sa anumang opisina ng Social Security. Anumang dokumentong ipinadala sa amin ay ibabalik namin sa iyo. Magpunta sa https://secure.ssa.gov/apps6z/FOLO/fo001.jsp (available lang sa wikang Ingles) para makita ang opisina ng Social Security o Social Security Card Center na nakakasakop sa iyong lugar.

## HUWAG KUMPLETUHIN. HINDI ITO APLIKASYON

### PROTEKTAHAN ANG IYONG SOCIAL SECURITY NUMBER AT CARD

Protektahan ang iyong SSN card at number para hindi ito mawala o manakaw. HUWAG dalhin ang SSN card mo. Ingatan ito sa ligtas na lugar at dalhin lang ito kapag kailangan mong ipakita ang card; halimbawa, para makakuha ng bagong trabaho, magbukas ng bagong *account* sa bangko, o makakuha ng mga benepisyo mula sa partikular na mga ahensiya ng U.S. Mag-ingat sa pagbibigay ng iyong Social Security number sa ibang tao, lalo na kapag may humihingi nito sa iyo sa telepono, sulat, email, at Internet na transaksyong hindi mo inumpisahan.

### PRIVACY ACT STATEMENT (PAHAYAG SA BATAS SA PRIBASIDAD)
### Koleksyon at Paggamit ng Personal na Impormasyon

Sa inamyendahang Seksyon 205 at 702 ng Social Security Act (Batas ng Social Security), pinapahintulutan kaming mangolekta ng impormasyong ito. Ang pagbibigay sa amin ng impormasyong ito ay kusang-loob. Gayunpaman, kapag hindi ka nagbigay ng lahat o bahagi ng impormasyon, maaaring pumigil ito sa amin sa pagtatalaga ng iyong Social Security number at pagbibigay sa iyo ng bago o kapalit na Social Security card.

Gagamitin namin ang impormasyong ibinigay mo para mabigyan ka namin ng kapalit na Social Security card. Maaari din naming ibahagi ang impormasyom mo para sa sumusunod na layunin, na tinatawag na *routine* (karaniwan) na paggamit:

- Sa Pederal, Estado, at lokal na mga organisasyon para tumulong sa kanila sa pangangasiwa ng mga programa sa pagpapanatili ng kita at kalusugan, kapag pinayagan sila ng Pederal na batas na gamitin ang Social Security number; at

- Sa mga boluntaryong estudyante, mga taong nagtatrabaho sa ilalim ng kontrata ng personal na mga serbisyo, at iba pa kapag kailangan nila ng *access* sa impormasyon sa aming rekord para maisagawa nila ang kanilang tungkulin sa ahensiya.

Bukod pa rito, maaari naming ibahagi ang impormasyon ayon sa Privacy Act (Batas sa Pribasidad) at iba pang Pederal na mga batas. Halimbawa, kapag pinapayagan, maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyong ito sa mga programa sa pagtutugma ng *computer*, kung saan ang mga rekord namin ay ikinukumpara sa iba pang rekord para matiyak kung kwalipikado ang isang tao para sa programa ng Pederal na benepisyo at para sa muling pagbabayad ng mga mali o napabayaang utang sa ilalim ng mga programang ito.

May listahan ng karagdagang mga routine na paggamit sa aming Privacy Act System of Records Notices (SORN o Abiso sa Sistema ng mga Rekord ng Batas sa Pribasidad) 60-0058, na may pamagat na “Master Files ng mga May-ari ng Social Security Number (SSN) at Aplikasyon sa SSN”, na inilathala sa Federal Register (FR, acronym sa Ingles) ng Disyembre 29, 2010, sa 75 FR 82121. May karagdagang impormasyon at buong listahan ng lahat ng aming SORN sa aming website na www.ssa.gov/privacy (available lang sa wikang Ingles)

**Pahayag sa Paperwork Reduction Act** (Batas sa Pagbabawas ng Papeles) - Tumutugon ang pangongolekta ng impormasyong ito sa mga kahilingan sa 44 U.S.C. § 3507, ng inamyendahang seksyon 2 ng Paperwork Reduction Act of 1995 (Batas sa Pagbabawas ng Papeles ng 1995). Hindi mo kailangang sagutin ang mga tanong na ito maliban kung magpakita kami ng balidong *control number* ng Office of Management and Budget (Tanggapan ng Pamamahala at Badyet). Sa tantiya namin, tatagal sa pagitan nang 5 hanggang 60 minuto para basahin ang mga tagubilin, kolektahin ang mga impormasyon, at sagutin ang mga tanong. **IPADALA O DALHIN ANG NAKUMPLETONG FORM SA IYONG LOKAL NA OPISINA NG SOCIAL SECURITY**. **Makikita mo ang lokal na opisina ng Social Security sa pamamagitan ng website ng SSA na** www.socialsecurity.gov **(available lang sa wikang Ingles). Nakalista rin ang mga opisina sa ilalim ng U.S. Government agencies** (Mga Ahensiya ng Gobyerno ng U.S.) **sa iyong *telephone directory* o puwede mong tawagan ang Social Security sa 1-800-772-1213 (TTY 1-800-325-0778)**. *Maaari kang magpadala ng mga komento tungkol sa pagtantiyang ito ng pasanin o iba pang aspekto ng koleksyong ito, kasama ang mga mungkahi ng pagbabawas sa pasaning ito sa: SSA, 6401 Security Blvd, Baltimore, MD 21235-6401.* ***Ipadala lang ang mga komento na tungkol sa aming pagtantiya ng oras sa address na ito, hindi ang nakumpletong form.***

# Aplikasyon para sa Social Security Card

| | | |
|---|---|---|
| **1** | **BUONG PANGALAN** IPAPAKITA SA CARD | Pangalan / Buong Gitnang Pangalan / Apelyido [redacted] |
| | BUONG PANGALAN NG KAPANGANAKAN KUNG IBA SA NAKALAGAY SA ITAAAS | Pangalan / Buong Gitnang Pangalan / Apelyido [redacted] |
| | IBA PANG PANGALANG GINAGAMIT | [redacted] |
| **2** | Social Security number na dating ibinigay sa taong nakalista sa item 1 | [redacted] |
| **3** | **LUGAR NG KAPANGANAKAN** (Huwag Paikliin) | [redacted] Lungsod / Estado o Ibang Bansa; Office Use Only (Gamit Lang ng Opisina) FCI |
| **4** | **PETSA NG KAPANGANAKAN** | [redacted] MM/DD/YYYY |
| **5** | **PAGKAMAMAMAYAN** (Mag-check ng Isa) | ■ Mamamayan ng U.S. ■ Legal na Dayuhang Pinapahintulutang Magtrabaho ■ Legal na Dayuhang Hindi Pinapahintulutang Magtrabaho (Tingnan ang mga Tagubilin sa Pahina 3) ■ Iba pa (Tingnan ang mga Tagubilin sa Pahina 3) |
| **6** | **ETNISIDAD** Hispanic ka ba o Latino? (Puwede Mong Sagutin o Hindi) | ■ Oo ■ Hindi |
| **7** | **LAHI** Pumili ng isa o higit pa (Puwede Mong Sagutin o Hindi) | ■ Native Hawaiian ■ Alaska Native ■ Asian ■ American Indian ■ Itim/African American ■ Iba Pang Pacific Islander ■ Puti |
| **8** | **KASARIAN** | ■ Lalaki ■ Babae |
| **9** | **A. MAGULANG/NANAY PANGALAN NANG IPANGANAK** | Pangalan / Buong Gitnang Pangalan / Apelyido [redacted] |
| | **B. SOCIAL SECURITY NUMBER NG MAGULANG/NANAY**(Basahin ang mga Tagubilin Para sa 9B sa Pahina 3) | [redacted] ■ Hindi Alam |
| **10** | **A. MAGULANG/TATAY PANGALAN NANG IPANGANAK** | Pangalan / Buong Gitnang Pangalan / Apelyido [redacted] |
| | **B. SOCIAL SECURITY NUMBER NG MAGULANG/TATAY** Basahin ang mga Tagubilin Para sa 9B sa Pahina 3) | [redacted] ■ Hindi Alam |
| **11** | Ang nakalista bang tao sa item 1 o sinumang kumikilos sa ngalan niya ay dating nag-file o nakatanggap ng Social Security number card? | ■ Oo (kung "oo," sagutin ang tanong 12-13 ■ Hindi ■ Hindi alam (Kung "Hindi alam," magpunta na sa tanong 14.) |
| **12** | Pangalang makikita sa pinakabagong Social Security card na ibinigay para sa taong nakalista sa item 1 | Pangalan / Buong Gitnang Pangalan / Apelyido [redacted] |
| **13** | Maglagay ng ibang petsa ng kapanganakan kung ginamit ito sa naunang aplikasyon para sa card | MM/DD/YYYY |
| **14** | **PETSA NGAYONG ARAW** | [redacted] MM/DD/YYYY |
| **15** | **NUMERO NG TELEPONO KAPAG ARAW** | [redacted] Area Code / **Numero** |
| **16** | **ADDRESS NA PINAPADALHAN NG SULAT** (Huwag Paikliin) | Address ng kalye, numero ng apartment, PO BOX, Rural Route No. [redacted] Lungsod / Estado/Ibang Bansa / ZIP Code [redacted] |
| **17** | **Sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling, idinedeklara kong nasuri ko ang lahat ng impormasyon sa form na ito, at ang anumang kasamang pahayag o form, at totoo ito at tama sa abot ng kaalaman ko.** | |
| | **PIRMA MO** | |
| **18** | **KAUGNAYAN MO SA TAO SA ITEM 1:** | ■ Sarili ■ Totoong Magulang o Nag-ampon ■ Legal na Tagapagbantay ■ Iba Pa (Ilagay ang espesipikong kaugnayan) [redacted] |

HUWAG KUMPLETUHIN. HINDI ITO APLIKASYON

| HUWAG MAGSULAT SA IBABA NG LINYANG ITO (PARA SA GAMIT LAMANG NG SSA) | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| NPN | | | DOC | NTI | CAN | | ITV |
| PBC | EVI | EVA | EVC | PRA | NWR | DNR | UNIT |
| EVIDENCE SUBMITTED | | | | | SIGNATURE AND TITLE OF EMPLOYEE(S) REVIEWING EVIDENCE AND/OR CONDUCTING INTERVIEW | | |
| | | | | | DATE | | |
| | | | | | DCL | | DATE |